Isang panawagan upang gumising ang puso para sa *tawbah*

- O tao! Napakasama at hangal mo dahil sa hindi pagkilala sa kahalagaan ng mga biyaya ng iyong Tagatustos. Pagkatapos ng maraming taon na pagsuway at matagal na kataksilan sa ganoong mahabaging Panginoon na Siyang naghandog ng lahat ng mga bagay na nagdudulot ng kaginhawaan sa iyo—bagama't walang anumang maiisip na kabutihan nito para sa Kanya (patawarin nawa tayo ng Panginoon dahil sa pagbanggit nito)—at paglabag sa Kanyang mga kabanalan at lubusang kawalang-hiya at kasuwailan, ngayon na ikaw ay naging taos-pusong nagsisisi, ang Poong Maykapal ay tumuturing sa iyong pinakamamahal. Napakalawak ng pagpapala at pagmamahal! O Pangioon! Hindi Ka namin makayang pasalamatan nang lubusan para sa Iyong mga biyaya. Ang aming mga dila ay walang kakayahang puriin Ka nang karapat-dapat. Ang tanging aming magagawa ay pagyukod dahil sa kahihiyan at paghingi ng Iyong kapatawaran dahilan sa aming kawalang-hiya. Ang Iyong habag ay hindi nararapat sa amin. Sa katotohanan, ang Iyong habag at biyaya ay higit pa sa anumang makayang ilarawan.
- Ang taong matalino ay nararapat na magsumikap na mapahigit pa ang pagsisisi at kalungkutan sa kanyang puso upang masindihan ang apoy ng taos-pusong pagsisisi sa pahintulot ng Panginoon. Ang ibig sabihin, sa pamamagitan ng pagmumuni-muni sa mga katakot-takot na bunga ng kasalanan, ang tunay na pagsisisi ay maging mas matindi sa kanyang puso at dahil dito, ang banal na apoy ay masisindihan. Hinggil sa apoy na ito, and Qur'an ay nagsabi: *Ang apoy ng Allah ay lumalagablag sa mga puso bilang isang nakaarkong bubungan*. (104:6-8). Sa kanyang puso, ang pagsindi ng apoy ng tunay na pagsisisi ay bubura at susunog sa mga kalawang and korosyon nito. Dapat niyang alamin na kapag hindi niya mismo sisindahan ang apoy na ito dito sa mundo at hindi niya bubuksan ang pintuan ng impiyernong ito, tiyak na maiiwan niya ang mundong ito patungong kabilang buhay upang haharapin ang katakot-takot at napakainit na apoy na nakalaan sa kanya. Pagkatapos, ang mga pintuan ng impiyerno ay mabubuksan samantala ang mga pintuan ng paraiso ay magsasara para sa kanya. Kaya, mauunawaan ng matalinong tao ang mga matinding epekto ng kanyang mga kasalanan.
- O Panginoon! Bigyan mo kami ng dibdib na may liwanag ng apoy ng pagsisisi. Sunugin Mo ang aming puso ng apoy sa mundo sa pamamagitan ng mga tilamsik ng apoy ng pagsisisi. Burahin Mo ang kalawang ng aming mga puso at kunin Mo kami mula sa mundo nang malaya mula sa mga masamang epekto ng kasalanan. Sa katiyakan, Ikaw ang Panginoon ng mga biyaya. [Hango sa Al-Khumayni, *Forty Hadith*, tomo 17, '*Tawbah*']

Kongklusyon:

- Sinabi ni Imam Zayn al-'Abidin (*'a*): "**Panginoon ko! Ikaw ang nagbukas ng isang pintuan sa Iyong kapatawaran at tumawag nitong '*tawbah*' dahil Iyong sinabi, '*Humingi ng kapatawaran sa Allah nang taos-puso*' (Qur'an 66:8). Ano pa ang katwiran ng siyang pabaya sa pagpasok sa pintuan pagkatapos mabuksan ito?**" [*al-Sahifah al-Kamilah*, Ang Litanya ng mga Nagsisisi]

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa autentikong Islam, dumalaw sa:

http://al-islam.org/faq/

O kayong mga nananampalataya! Humingi ng kapatawaran sa Allah nang taos-puso. Marahil buburahin ng inyong Panginoon ang masama mula sa inyo…
(Qur'an, 66: 8)

Sinabi ng Propeta ng Allah (*s*): "May apat na palatandaan ang taong nagsisi: (1) siya ay tapat sa Panginoon batay sa kanyang mga kilos; (2) umiiwas siya sa kabulaanan; (3) lubusang malapit siya sa katotohanan; at 4) sabik siyang gumawa ng kabutihan."
[Al-Harani, *Tuhaf al-`Uqul*, p. 20]

Mga Kabutihan ng Kaluluwa...

Pagsisisi
(*tawbah*)

Sinabi ni Imam Ja'far al-Sadiq (*'a*): "Kapag ang alipin (tao) ay taos-pusong magsisi (*tawbat 'un-nasuh*), mamahalin siya ng Panginoon at tatakpan siya (ang kanyang mga kasalanan) dito sa mundo at sa kabilang buhay." Tinanong ang Imam (*'a*), "At papaano Niya siya tatakpan?" Sinabi niya (*'a*), "Kanyang ipapalimot sa dalawang mga anghel (na inatasang sumulat sa kanyang mga gawain) ang kanyang mga kasalanang kanilang naisulat. Pagkatapos, Kanyang ipag-uutos sa mga bahagi ng kanyang katawan, 'Takpan ang kanyang mga kasalanan,' at Kanyang ipag-uutos sa mga lugar sa mundo, 'Takpan ang mga kasalanang kanyang ginagawa sa inyong ibabaw.' At kanyang makakaharap ang Panginoon nang walang magtestigo laban sa kanya hinggil sa anumang kasalanan."
[Al-Kulayni, *al-Kafi,* kitab *al-iman wa'l-kufr*, bab *al-tawbah*, *hadith* #1]

Ang katotohanan hinggil sa *tawbah*

Ang *tawbah* ay ang pagbabalik ng unang katayuang espiritwal ng kaluluwa pagkalipas ng liwanag ng kanyang likas pang-tao (*fitrah*) at ng pagkabalot nito sa kadiliman ng mga kasalanan at pagsuway. Sa unang kalagayan ng kaluluwa ng tao ito ay walang anumang kabutihan o kasamaan. Maaari niyang maabot ang anumang katayuan, subalit sa kanyang unang kalagayan ito ay puro, walang kasalanan at may natatanging liwanag. Ang pagsasagawa ng mga kasalanan ay nagiging sanhi ng karimlan sa puso, at ang liwanag ng katutubong kalikasan ay napapawi at nagiging kadiliman. Subalit, bago pa man ang kadiliman ay lubusang babalot sa puso, kapag ang tao ay gigising mula sa kapabayaan at magsisi, ang kaluluwa ay unti-unting babalik mula sa kadiliman patungong liwanag ng kanyang likas na katayuan at buod na espiritwalidad. Ito ay nabanggit sa isang bantog na *hadith* mula kay Imam al-Baqir (*'a*): "Sinumang magsisisi ay katulad ng taong hindi nagkasala." [Al-Kulayni, *al-Kafi,* kitab *al-iman wa'l-kufr*, bab *al-tawbah*, *hadith* #10]

Ang mga kondisyon at batayan ng *tawbah*

Ang *tawbah* ay hindi tinatanggap sa taong nasasabi lamang na "Ako ay nagsisisi." May ilang mga batayan na nararapat na masunod bago matatanggap ang *tawbah*. Ang mga ito ay nabanggit sa sumusunod na *hadith*:

- Naisalaysay na may taong nagsabi: *Astaghfirullah* (Patawarin sana ako ng Allah) sa harapan ni Imam 'Ali (*'a*). Sinabi ng Imam sa kanya: "Ang iyong ina ay magdadalamhati sana sa iyo! Alam mo ba ang ibig sabihin ng *istighfar* (pagsabi ng *astaghfirullah*)? Sa katotohanan, *istighfar* ay isang antas ng mga *'illiyyun* (mga taong may mataas na katayuang espiritwal) at isang kataga na nangangahulugan ng anim na bagay. **Ang una** ay taos-pusong pagsisisi. **Ang pangalawa** ay pagpasiyang hindi na muling gumawa ng kasalanan. **Ang pangatlo** ay muling pagbibigay sa mga tao ng kanilang mga karapatang iyong itinanggi nang sa gayon, iyong haharapin ang Poong Maykapal nang may dalisay na pagkatao at walang sinumang may reklamo laban sa iyo. **Ang pang-apat** ay ang pagtutupad ng bawat tungkulin na iyong pinabayaan upang matupad ang iyong obligasyon hinggil dito. **Ang panglima** ay pagbibigay pansin sa mga bahagi ng iyong katawan na lumaki sa pamamagitan ng mga bawal na pagkain upang mawala ang mga masama sa pamamagitan ng pagdadalamhati at kalungkutan at ang iyong balat ay didikit sa iyong mga buto at magkakaroon ng panibagong laman. **Ang pang-anim** ay ang pagdanas ng kahirapan ng pagsunod (sa Panginoon) katulad ng iyong pagdanas ng mga kaluguran ng kasalanan. Kapag nagawa mo na ang mga bagay na ito, nararapat ka nang magsabi ng *astaghfirullah!* [*Nahj al-Balaghah*, Kasabihan # 417]

Ang banal na tradisyong ito ay nagbanggit ng dalawang pangunahing kondisyon ng *tawbah* (pagsisisi at pagpapasiya), dalawang mahahalagang batayan ng pagtatanggap dito (muling paghahandog sa mga karapatan ng mga tao at ng Panginon), at higit dito, dalawang punto para maging ganap ang pagsisisi.

Tawbat 'un-nasuh (taos-pusong pasisisi)

Ayon sa magiting na pantas na si Shaykh al-Baha'i (*q*), may iba't-ibang kahulugan ang *tawbat 'un-nasuh*. Ilan dito ay ang mga sumusunod:

- Ang *tawbah* na 'pumapayo' sa mga tao. Ang ibig sabihin, ito ay umaanyaya sa kanilang tularan siya (ang taong nagsisi) dahilan sa magandang epekto nito sa taong nagsisi, o ang *tawbah* na 'pumapayo' sa taong nagsisi na lubusang lipulin ang mga kasalanan at hindi na muling gagawin ang mga ito.
- Ang *tawbah* na ginawa para sa Panginoon lamang tulad ng purong pulot-pukyutan na walang pagkit, kaya tinatawag na *'asal 'un-nasuh* (purong pulot-pukyutan). Batay sa katapatan, ang pagsisisi ay nararapat na dahil sa kasamaan ng mga kasalanan at ang poot ng Panginoon, at hindi dahilan sa pagkatakot sa impiyerno.
- Ang katagang *nasuh* ay may kinalaman din sa katagang *nasabah* na ang ibig sabihin ay 'pananahi' dahil tinatahi ng *tawbah* ang katawan ng paniniwala na hiwa-hiwalay dahil sa mga kasalanan, at muling pinapaanib nito ang taong nagsisi sa mga banal na santo (*awliya'*) at sa mga nagmamahal sa Panginoon tulad ng magkakahiwalay na tela na nagiging buo sa pamamagitan ng pagtahi.
- Ayon sa isang interpretasyon, ang *nasuh* ay isang katangian ng taong nagsisisi at ang *tawbat 'un-nasuh* ay isang *tawbah* na ang nagsasagawa ay pumapayo sa kanyang sariling magsagawa ng ganap na pagsisisi hanggang sa ang lahat ng mga epekto ng kasalanan ay lubusang mabura mula sa kanyang puso. Ito ay magagawa lamang sa pamamagitan ng pagpaparanas ng kaluluwa ng pagsisisi at pagdadalamhati, at pag-alis ng kadiliman nitong dulot ng mga nakaraang kasalanan sa pamamagitan ng liwanag ng mga mababuting gawain.

Mas mabuti kung mas maaga...

Ang matagumpay na *tawbah* ay isang mahirap na gawain. Ang pagpakalabis sa mga kasalanan, lalung-lalo na ang mga mortal na kasalanan, ay nagdudulot ng lubusang pagkalimot ng tao sa *tawbah*. Kapag ang punungkahoy ng mga kasalanan na tumutubo sa halamanan ng puso ay lumaki at ang mga ugat nito ay naging malakas, ang mga bunga nito ay kapahamakan na magdudulot sa taong tuluyang makalimot na magsisi. Kahit pa man minsan niyang maalaala ang pagsisisi, ipinagpaliban niya ito sa ibang araw o buwan habang kanyang sinasabi sa sarili: "Taos-puso akong magsisisi sa huling yugto ng aking buhay kapag ako ay matanda na." Ito ay pagnanais ng saloobin lamang. Ang taong ganyan ay hindi makakagawa ng *tawbah* kapag ang mga ugat ng kasalanan ay lubusang sumailalim sa kanyang pagkatao. Ang pinakamabuting panahon sa pagsisisi ay habang bata pa ang tao kung kailan ang mga kasalanan ay hindi pa gaanong marami, ang kadiliman ng puso ay hindi pa ganap at ang lahat ng mga kailanganin ng *tawbah* ay mas madali pang tuparin. Ang pagkakataong ito na inihandog ng Panginoon ay talagang nararapat na pagsamatalaan at ang tao ay hindi nararapat na magbigay pansin sa mga bulong ni Satanas na pagpapaliban sa *tawbah*. Kaya, dapat na kaagad na humingi ng kapatawaran kapag may isang kasalanang nagawa. Ang matalinong tao na nakakaunawa nito ay umiiwas sa mga pagkakasala at hindi na muling gagawin ang mga kasalanang nagawa. Ang kanyang puso na puno ng pagsisisi ay nagkaroon ng matibay na pasiya na talikuran ang makasalanang buhay. Tutulungan siya ng Panginoon at kapag ang kanyang *tawbah* ay taos-puso, mamahalin siya ng Panginoon ayon sa banal na bersikulong ito: *"Sa katotohan, mahal ng Panginoon ang mga nagsisisi."* (Qur'an, 2: 222)

- Sinabi ni Imam 'Ali (*'a*): "Kung nais mong makamit ang Kanyang mga biyaya sa kabilang buhay, ngayon ang araw ng paghahanda at bukas ang araw ng gantimpala. Ang patutunguhan ay ang paraiso at ang lugar ng kapahamakan ay ang impiyerno. Wala ba sa inyong nais magsisi dahil sa kanyang mga kasalanan bago siya yumao, tumbasan ang kanyang mga maling gawain, at gumawa ng mga mabuti bago siya makaranas ng pakarusahan?" [*Nahj al-Balaghah*, Sermon #33]